



ANG DAPAT ASAHAN SA INYONG ORAL NA PAGDINIG

Ang Dapat Asahan sa Inyong Oral na Pagdinig

Dumating nang hindi mahuhuli sa 15 minuto bago ang oras ng inyong pagdinig para mabigyang-pansin ng tauhan ng OTA.

Kung sa personal ang inyong paginig, mauupo ka sa isang mesa sa harap ng panel ng mga apela sa buwis. Ang mga kinatawan ng ahensiya ng buwis ay mauupo sa mesa katabi ng inyo. Kung elektronikong isasagawa ang inyong pagdinig, bibigyan kayo ng tauhan ng OTA ng mga direksiyon kung paano lumahok sa virtual na pagdinig.

Sa simula ng pagdinig, ipapaliwanag ng punong miyembro ng panel kung paano uusad ang pagdinig at bibigyan kayo ng pagkakataong magtanong. Tutulungan rin kayo ng punong miyembro ng panel sa proseso at sasagutin niya ang anumang tanong at tutugunan niya ang anumang alalahaning mayroon kayo sa kabuuan ng pagdinig.

May kanya-kanya kayong pagkakataon ng ahensiya sa buwis para ipresenta ang inyong kaso. Ikaw at ang inyong mga saksi, kung mayroon, ay posibleng tanungin ng ahensiya ng buwis at mga miyembro ng panel. Pagkatapos ninyong ipresenta ng ahensiya sa buwis ang inyong kaso, maaari kayong maghalinhinan sa pagbibigay ng mga pansarang pahayag at pagbubuod sa inyong mga kanya-kanyang posisyon.

Sa pagwawakas ng inyong pagdinig, ang kaso ay karaniwang “isinusumite,” na nangangahulugang hihinto ang panel (o ang iisang miyembro para sa Small Case Program) sa pagkuha ng mga karagdagang ebidensiya, argumento, o testimonya, at magpapatuloy sila sa paglalathala ng nakasulat na Opinyon. Sa ilang sitwasyon, posibleng magkaroon ng mga bagong isyu sa panahon ng oral na pagdinig, at bubuksan ang record para mabigyang-daan ang higit pang ebidensiya o argumento.

Ang lahat ng pagdinig ng OTA ay nila-livestream at magiging available sa YouTube channel ng OTA.

Karagdagang Tulong

Hindi kayo mabibigyan ng legal na payo ng tauhan ng OTA ngunit maaari silang magbigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa proseso ng inyong mga apela at matutulungan nila kayong maghanap ng mga karagdagang resource. Ang OTA ay may Ombudsperson na available kada pagdinig (at sa pamamagitan ng telepono at email bago ang o pagkatapos ng pagdinig) para sagutin ang anumang tanong tungkol sa proseso na posibleng mayroon kayo tungkol sa inyong kaso. Maaari kayong makipag-ugnayan sa Ombudsperson ng OTA sa **916-206-4355** o sa pamamagitan ng email sa info@ota.ca.gov.